# Ginagawa Mo ba ang Kalooban ng Diyos Yugto 3

***"1 Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal na nangasa Efeso, at sa mga tapat kay Cristo Jesus: 2 Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesucristo.3 Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo: 4 Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig:5 Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesucristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban,6 Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa Minamahal:7 Na sa kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang biyaya,8 Na pinasagana niya sa atin, sa buong karunungan at katalinuhan,9 Na ipinakikilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, ayon sa kaniyang minagaling na ipinasiya niya sa kaniya rin. 10 Sa pagiging katiwala Sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; Sa kaniya, sinasabi ko, 11 Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana, na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban;12 Upang tayo'y maging kapurihan ng kaniyang kaluwalhatian, tayong nagsiasa nang una kay Cristo: 13 Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako, 14 Na siyang patotoo sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian.15 Dahil dito ako rin naman, pagkarinig ng pananampalataya sa Panginoong Jesus na nasa inyo, at ng pagibig na inyong ipinakita sa lahat ng mga banal, 16 Ay hindi ako tumitigil ng pagpapasalamat dahil sa inyo, na aking binabanggit kayo sa aking mga panalangin;17 Upang ipagkaloob sa inyo ng Dios ng ating Panginoong Jesucristo, ng Ama ng kaluwalhatian, ang espiritu ng karunungan at ng pahayag sa pagkakilala sa kaniya;18 Yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso, upang maalaman ninyo kung ano ang pagasa sa kaniyang pagtawag, kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng kaniyang pamana sa mga banal, 19 At kung ano ang dakilang kalakhan ng kaniyang kapangyarihan sa ating nagsisisampalataya, ayon sa gawa ng kapangyarihan ng kaniyang lakas, 20 Na kaniyang ginawa kay Cristo, nang ito'y kaniyang buhaying maguli sa mga patay, at pinaupo sa kaniyang kanan sa sangkalangitan,21 Sa kaibaibabawan ng lahat na pamunuan, at kapamahalaan, at kapangyarihan, at pagkasakop, at sa bawa't pangalan na ipinangungusap, hindi lamang sa sanglibutang ito, kundi naman sa darating:22 At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko niya sa ilalim ng kaniyang mga paa, at siyang pinagkaloobang maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesia,23 Na siyang katawan niya, na kapuspusan niyaong pumupuspos ng lahat sa lahat." (Epeso 1:1-23)***

Apat na beses sa itaas na talata, makikita natin ang pahayag, 'ang kalooban ng Diyos' at ang 'Kanyang kalooban.' Kaya't ating gagamitin ang Epeso 1:1-23 upang malaman ang kalooban ng Diyos. Ang Banal na Kasulatan ay laging nagtuturo sa atin kung paano sumunod sa Kanyang kalooban at paanong isabuhay ito.

***"1 Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal na nangasa Efeso, at sa mga tapat kay Cristo Jesus:"*** Ang salitang apostol ay nanganghulugang isang tao na nakatagpo si Cristo at na ipinadala ni Cristo sa isang tiyak na mga pangkat o uri ng mga tao upang simulan ang gawain ng Diyos sa kanila. Si Pablo ay ginawang apostol sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos. Sinunod sni Pablo ang kalooban ng Diyos at ipinamuhay ito at ang bunga ng pagsunod na iyon ay naabot niya ang malaking bilang ng mga tao sa iba't ibang lugar at ibinigay sa kanila ang Salita ng Diyos at ipinahayag sa kanila ang kalooban ng Diyos. Kailangan din nating gawin ito. Tinawag tayo ng Diyos upang sabihin sa iba ang tungkol sa Kanya at upang ipahayag sa kanila ang kalooban ng Diyos. Si Pablo ay may pananagutan sa buhay ng ilang mga tao at dapat niyang ipahayag ang kalooban ng Diyos sa mga taong iyon.

Sinulat ni Pablo ang Kanyang sulat sa mga banal at sa matapat na bumubuo sa simbahan ng Epeso. Kailangan nating maging mga banal at yaon ay kalooban ng Diyos. Kailangan nating mamuhay ng may banal na buhay. Kailangan nating maging tapat at maging mga banal sa pamumuhay sa kabanalan. Ito rin ay mahalaga ngayon, sapagkat tinawag tayo ng Diyos na maging tapat at may katangian ng katapatan. Ito ay kalooban ng Diyos na mamuhay sa kabanalan at maging tapat sa Diyos.

***"2 Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesucristo."*** Ang biyaya ay walang kapantay na tulong at ang kapayapaan ay sasa atin kapag tayo'y namumuhay sa kalooban ng Diyos. Ang kapayapaan ng Diyos ay tutulong sa atin upang batahin at magpatuloy maging sa kalagitnaan ng mabigat na mga pagsubok.

***"3 Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo:"*** Ipinakilala ni Pablo sa mga banal ang makalangit na mga biyaya ng Diyos, at hindi ang makamundo. Ang makalangit na mga pagpapala ay bibigyang kapangyarihan tayo na gawin at kamitin ang buong kalooban ng Diyos.

***"4 Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig."*** Ang iba pang pagpapala, ay nang tayo'y pinili bago likhain ang sanglibutan ng Diyos upang maging banal at walang dungis. Ito ay kalooban ng Diyos sa atin na maging banal at walang dungis. Ang kabanalan ay mamuhay malayo sa kasalanan. Ang ibig sabihin ng walang dungis ay walang pagkakamali sa ating buhay. Nais ng Diyos na linisin ang ating buhay upang walang bahid ng dungis. Kailangan nating walang kasalanan. Hindi tayo tinawag upang maging sinungaling o mandaraya, tamad o kampante. Ang ating Diyos ay sakdal na Diyos at inaasahan Niya sa atin ang pagiging sakdal. Upang gawin ang ating pagiging sakdal kailangang makita nating ang ating mga sarili sa salamin ng Salita ng Diyos para tayo'y kumilos sa paggawa ng Kanyang kalooban sa ating buhay.

***"5 Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesucristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban."*** Pinili tayo ng Diyos upang maging banal, tapat, banal, at walang dungis at maging kanyang mga anak na lalaki at babae; tayo'y kinupkop bilang mga anak ng Diyos hindi mga anak ng sanglibutan. Si Moises ay anak ng babaeng anak ni Faraon ngunit handa niyang itakwil ang lahat ng iyon upang tawaging anak ng Diyos. Sa pamamagitan ng dugo ni Jesus tayo'y kinupkop at naging anak ng Diyos. Inilagay tayo ng Diyos sa Kanyang simbahan, kinukop ng Diyos upang tuparin ang Kanyang kalooban at Kanyang kaluguran.

***"5 Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesucristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban, 6 Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa minamahal.*** Ginawa yaon ng Diyos para kapurihan ng biyaya ng Diyos. At kailangan nating sumunod sa kalooban ng Diyos upang ang kapurihan at ang kaluwalhatian ay maibigay sa Kanya. Kaya't kailangan nating maging kakaiba sa hindi mananampalataya. **Dapat ay may pagkakaiba.** Sa ngayon maraming simbahan ay mayroong mga anak ni Belial na mas masahol pa kaysa sa makamundong mga tao. Ang hindi mananampalataya ay kailangang makita ang isang bagay na kakaiba sa atin; iyon ay ating patotoo upang kanilang papurihan ang Diyos ang ating Ama sa langit.

***"7 Na sa kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang biyaya;"*** Mayroon tayong katubusan sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at sa dugo ni Jesus ay magtatakip sa ating mga kasalanan hangga't tayo'y nasa pagsisisi at namumuhay at lumalakad sa kalooban ng Diyos.

***"8 Na pinasagana niya sa atin, sa buong karunungan at katalinuhan;"*** Kapag tayo'y nasa kalooban ng Diyos ibaba Niya sa atin ang karunungan at katalinuhan. Kung ito ay wala sa ating buhay sa gayon ang ating Cristianong paglakad ay katanungan. Ang mga wala ng mga ito sa gayon mayroon lamang silang kamangmangan at ang kanilang kaligtasan ay nasa panganib.

***"9 Na ipinakikilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, ayon sa kaniyang minagaling na ipinasiya niya sa kaniya rin."*** Ipinahayag ng Diyos ang Kanyang kalooban ayon sa Kanyang mabuting kasiyahan. Tayo bilang mananampalataya ay dapat alam ang kalooban ng Diyos sa ating buhay. May mga bagay na hindi kanais nais sa ating buhay, ngunit kung ito'y kalooban ng Diyos, sa gayon kailangan nating pagtiisan ang mga ito. Ang kahulugan ng salitang hiwaga ay isang bagay na malabo at hindi maunawaan. ***Na ipinakikilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban*** na nangangahulugang ginawa niya ang mga bagay na malinaw sa atin. Kaya kapag ang mga tao ay lumayo mula sa kalooban ng Diyos matatagpuan mo sila na hindi magawang maintindihan ang nangyayari sa kanilang buhay at tayo bilang simbahan nakikilala ito sapagkat ipinabatid sa atin ng Diyos ang hiwaga ng Kanyang kalooban. Gayundin nang ipinabatid ng Diyos ang Kanyang kalooban sa atin sa gayon hindi natin maitatago ngunit tiyak na makikilala at mahuhuli kapag tayo'y naligaw sa pamumuhay at paggawa ng kalooban ng Diyos.

***"10 Sa pagiging katiwala Sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa kaniya, sinasabi ko:"*** Ipapatupad ng Diyos ang layunin ng Kanyang kalooban. Ang layunin ng Kanyang kaloban sa buhay ng marami sa kanyang bayan ay darating ang patutunguhan na Kanyang binalak, na sa huli makakatagpo nating lahat ang Panginoon kapag Siya bumaba upang kunin tayo. Ipinahayag ng Diyos ang Kanyang kalooban sa atin at sa Kanyang simbahan. Kaya't ang simbahan ay mayroong daan sa ating buhay upang ituwid tayo at pagtibayin sa atin ang Kanyang kalooban. Ang kalooban ng Diyos sa atin buhay ay kailangang pagtibayin ng simbahan. Kapag si Cristo ay dumating, ang hiwaga ay mahahayag, sapagka't siya ang tagapamala ng lahat ng mga pangyayari sa ating mga buhay. Kailangan nating magpagtanto na mayroong panahon sa pagpapatupad ng itinalaga ni Cristo sa atin ayon sa Kanyang kalooban. Kaya dapat magkaroon ng panahon para ipamuhay ang lahat ng Kanyang itinalaga para sa atin Ang pangulo ng Simbahan ay si Cristo, at kapag Siya ay dumating ang lahat ng bagay ay magiging ganap. Maagang nakita ni Pablo ang kalooban ng Diyos para sa mga tao sa Epesus. Tayo bilang simbahan ay dapat mabatid ang kalooban ng Diyos sa buhay ng mga taong ipinagkatiwala sa atin ng Diyos sa ilalim ng ating pangangalaga at kailangan nating tulungan sila upang kamitin at sundin ang kalooban ng Diyos para sa kanilang buhay. Ang mga gumagawa ng sarili nila, tayo bilang simbahan ay dapat silang harapin, sawayin sila, at pigilan sila mula sa pagkaligaw sa maling mga paraan at plano.

***"11 Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana, na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban:"*** Tayo'y pinili ng Diyos, upang ipatupad ang kalooban ng Diyos sa ating buhay. Walang pagtakas. Hindi tayo maaring magbigay ng anumang dahilan at hindi tayo maaring bumalik. Habang tayo'y nagpapatuloy sa paggawa ng kalooban ng Diyos sa gayon tayo ay may titulo para sa isang mana na iingatan sa langit para sa atin. ***na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya:*** Ang Diyos ay mayroong layunin para sa isa at bawat buhay at kailangang nating sumunod doon sa plano ng Diyos, na sa huli'y magbibigay sa atin ng mana sa langit.

***"12 Upang tayo'y maging kapurihan ng kaniyang kaluwalhatian, tayong nagsiasa nang una kay Cristo."*** Muli binanggit ni Apostol Pablo na tayo'y nasa kapurihan ng Kanyang kaluwalhatian. Kaya kailangan nating maging isang mabuting patotoo sa kasalukuyang panahon. Magnining nawa ang ating buhay sa harap ng tao upang kanilang makita ang ating mabubuting gawa at papurihan ang Diyos na ating Ama na nasa langit.

***"13 Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako."*** Sinabi ni Pablo sa mga tao sa Epesus na sila'y tinatakan ng Banal na Espiritu pagkatapos nilang marinig, maniwala at magtiwala kay Jesus. Ngayon tayo'y tinatakan ng Banal na Espiritu. Wala nang pag iwas sa pagdurusa; kailangan nating makibahagi sa paglilingkod sa Diyos at sumunod ng ganap sa Kanyang kalooban. Tayo ay may pananagutan. Kapag narinig na natin ang mensahe, tayo ay tinatakan na ng Banal na Espiritu. Kaya't walang pag

atras. Ang tanda ng Banal na Espiritu ay nariyan pa rin sa atin. Ang mensahe para sa atin ngayon ay maging seryoso at kumilos at huwag balewalain ang Diyos at simulang gawin ang ating sariling kapasyahan.

***"14 Na siyang patotoo sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian."*** Kahit sa sanglibutan, mayroong pangako at garantiya ang ibinibigay sa mga produkto. Ang Banal na Espiritu ay ang ating pangako at paunang bayad para sa buhay na walang hanggan na ating tinanggap sa Diyos. ***Na siyang patotoo sa ating mana,*** at yaon ang dapat nating hangarin, ang walang hanggang buhay kay Cristo Jesus na ating Panginoon.

***"15 Dahil dito ako rin naman, pagkarinig ng pananampalataya sa Panginoong Jesus na nasa inyo, at ng pagibig na inyong ipinakita sa lahat ng mga banal."*** Itinanim ni Pablo ang simbahan ng Epeso at gumawa siya ng mga alagad at sinabi sa kanila ang Salita ng Diyos. Pagkatapos niyang umalis sa Epeso, nakatanggap siya ng ulat tungkol sa bagong mananampalataya na nang narinig niya ang tungkol sa kanilang pananampalataya nagbigay siya ng pasasalamat sa Diyos. Nagbigay siya ng pasasalamat sa Diyos sa kanilang pananampalataya at para sa kanilang tapat na pagibig sa mga banal.

***"15 Dahil dito ako rin naman, pagkarinig ng pananampalataya sa Panginoong Jesus na nasa inyo, at ng pagibig na inyong ipinakita sa lahat ng mga banal, 16 Ay hindi ako tumitigil ng pagpapasalamat dahil sa inyo, na aking binabanggit kayo sa aking mga panalangin;"*** Inalala niya sila sa kanyang mga panalangin, pagbibigay pasasalamat sa Diyos para sa kanilang pananampalataya at paniniwala. Kaya tayo bilang simbahan ay kailangan bigyang pasasalamat ang mga tapat at nakatuon sa tamang pananampalataya. Pati na rin sa mga gumagawa ng sarili nila, kailangan pa rin nating silang alalahanin sa ating mga panalangin, na sila'y magsisi at bumalik sa Panginoon at sa Kanyang kalooban.

***"17 Upang ipagkaloob sa inyo ng Dios ng ating Panginoong Jesucristo, ng Ama ng kaluwalhatian, ang espiritu ng karunungan at ng pahayag sa pagkakilala sa kaniya:"*** Si Pablo ay nananalangin na ipagkaloob sa kanila ng Dios ang espiritu ng karunungan at pahayag upang magawa nila ang kalooban ng Diyos. Ang espiritu ng pahayag ay upang ang nakatagong mga bagay ng Dios ay maaring mahayag sa kanila upang magpatuloy na lumakad sa pananampalataya at hindi sa paningin at mabuhay sa pahayag ng Diyos. Kailangan nating manalangin para sa karunungan upang pangasiwaan ang ating mga pamilya, anak, pananalapi at iba pa. Ang pagpapahayag ay nagbubunyag ng isang bagay na hindi natin alam. Ito ay isang kayamanan na ito'y inahayag. Ang pahayag din ay pagkilala sa Diyos ng mas mabuti. Si Pablo sa huling bahagi ng kanyang buhay sumulat siya sa simbahan ng Taga Filipos. ***"10 Upang makilala ko siya, at ang kapangyarihan ng kaniyang pagkabuhay na maguli, at ang pakikisama ng kaniyang mga kahirapan, na ako'y natutulad sa kaniyang pagkamatay;" (Filipos 3:10)*** sinabi ni Pablo, nais niyang makilala si Cristo at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay. Nais niya makilala ang Diyos ng mas mabuti. Para gawin ang kalooban ng Diyos, kailangan nating makilala ang Diyos ng mas mabuti, at kailangan natin magkaroon ng kapahayagan mula sa Diyos at kailangan nating maging handa upang makibahagi sa Kanyang paghihirap.

***"18 Yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso, upang maalaman ninyo kung ano ang pagasa sa kaniyang pagtawag, kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng kaniyang pamana sa mga banal,"*** Si Pablo ay nananalangin din na sila'y maliwanagan nang kanyang sinabi, ***"Yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso,"*** upang makita ang pag asa na tinawag sila ayon sa Kanyang maluwalhatiang kayamanan. Ang mga Cristiano ay napakabulag sa panahon ngayon na hindi nila makita ang mga pagpapala ng Diyos. Sila'y bulag sa espirituwal sa espirituwal na mga biyayang nakapaligid sa kanila. Ang ating isipan ay kailangang maliwanagan upang makita ang mga pagpapala ng Diyos. Tayo bilang simbahan ay kailangan manalangin para sa mga tao upang maliwanagan na makita nila ang mabuting plano na mayroon sa kanila ang Dios at ang mana na inihanda sa langit sa mga sumusunod sa Kanya.

***"19 At kung ano ang dakilang kalakhan ng kaniyang kapangyarihan sa ating nagsisisampalataya, ayon sa gawa ng kapangyarihan ng kaniyang lakas,"*** Kapag mas nakilala natin Siya, ating mauunawaan ang Kanyang kapangyarihan at kapalit nito tayo'y magkakaroon ng pagasa sa Kanya. Ito ay dakilang walang kapantay na kapangyarihan ng Dios ay ipinakita sa pagkabuhay na maguli ni Cristo at sa pagbangon Niya upang maupo sa Kanyang Ama at Sa Kanyang kanang Kamay. Kaya't ang mga taong gumagawa ng kalooban ng Diyos, ay hindi mamatay hanggat hindi nila natatapos ang Kanyang gawain na ipinagkatiwala sa kanila na gawin. Ngunit ang mga taong hindi ginagawa ang kalooban ng Diyos, ay mamamatay anumang oras at walang paunang sabi, isang biglaang pagkamatay at walang proteksyon para sa kanila, sapagka't sila'y nasa labas ng lupain ng Diyos at ng Kanyang kalobban. Tayo'y mayroon kapangyarihan kapag ginagawa natin ang kalooban ng Diyos. Ang ating mga mata ay mabubuksan, ang ating pananampalataya ay madadagdagan, ating malalaman ang kapangyarihan ng pagkabuhay ng Dios; ang parehong kapangyarihan na nagbangon kay Jesus mula sa kamatayan at inilagay siya sa kanang kamay ng luklukan ng Diyos. "20 Na kaniyang ***ginawa kay Cristo, nang ito'y kaniyang buhaying maguli sa mga patay, at pinaupo sa kaniyang kanan sa sangkalangitan."*** Si Esteban habang binabato nila siya, nakita niya ang isang pangitain, ito'y walang kapantay na kapangyarihan, nang nakita niya siya si Jesus na nasa kanan kamay ng luklukan ng biyaya, ***"55 Datapuwa't siya, palibhasa'y puspos ng Espiritu Santo ay tumitig na maigi sa langit, at nakita niya ang kaluwalhatian ng Dios, at si Jesus na nakatindig sa kanan ng Dios, 56 At nagsabi, Narito, nakikita kong bukas ang mga langit, at ang Anak ng tao na nakatindig sa kanan ng Dios." (Mga Gawa 7:55-56)*** sinabi ni Jesus, ***"21 Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan." (Pahayag 3:21)*** Ang mananaig ay uupo kasama ni Cristo sa Kanyang luklukan, gaya ni Cristo na nagtagumpay at naupo sa luklukan ng Diyos. Kaya't tayo, na sumunod sa kalooban ng Diyos at nagtagumpay, ay mauupo kasama ni Cristo sa Kanyang luklukan.

***"21 Sa kaibaibabawan ng lahat na pamunuan, at kapamahalaan, at kapangyarihan, at pagkasakop, at sa bawa't pangalan na ipinangungusap, hindi lamang sa sanglibutang ito, kundi naman sa darating:"*** Si Jesus ay may kapangyarihan sa bawat may kapangyarihan at kapamahalaan. Tayo rin ay mayroong parehong pribelihiyo kung tayo ay nasa kalooban ng Diyos.

***“22 At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko niya sa ilalim ng kaniyang mga paa, at siyang pinagkaloobang maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesia.”*** Inilagay ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang mga paa. Ang paa ni Jesus; Siya ang pinakapangulo ng simbahan. Kaya't kailangan nating parangalan ang simbahan sapagkat si Cristo ang pangulo ng simbahan. Tayo'y may pananagutan upang gawin yaon. Ang tuntunin ng Diyos ay hindi nagbabago. Kaya kailangan nating maging may pananagutan sa simbahan. Ang Kanyang salita ay hindi kailanman magbabago. Ang Kanyang kalooban ay dapat maging kalooban natin. Hindi tayo maaring makipagbuno sa Diyos at pilipitin ang Kanyang bisig. Hindi tayo maaring magpatuloy at lumaban sa Diyos at sa Kanyang simbahan. Kung gusto nating maupo kasama ni Jesus sa kanang kamay ng Diyos, sa gayon kailangan nating magpasakop nang ganap sa Kanya, at ang ating mga kaaway ay mapapasailalim sa Kanyang paanan, at tayo'y mapapanatili at maliligtas mula sa kanila.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Habang ating pinaparangalan ang simbahan, ***“23 Na siyang katawan niya, na kapuspusan niyaong pumupuspos ng lahat sa lahat.*** Sa gayon si Cristo ang ating magiging pangulo at ang ating mga kaaway ay mapapasailalim ng ating mga paa. Sikapin nating gawin ang Kanyang kalooban at maging matatag tayo sa ating pananampalataya na may ganap na pagtitiwala sa Kanyang Salita na magtataguyod sa atin sa panahon ng mga kaguluhan. Lubos tayong magtiwala sa Diyos sa ating pagdurusa habang ginagawa ang Kanyang kalooban, gaya ng sinabi ni Pablo, ***“Dahil dito'y nagtiis din ako ng mga bagay na ito: gayon ma'y hindi ako nahihiya; sapagka't nakikilala ko yaong aking sinampalatayanan, at lubos akong naniniwalang siya'y makapagiingat ng aking ipinagkatiwala sa kaniya hanggang sa araw na yaon." (2 Timoteo 1:12)***

Tayo ay tumayo. Lumapit sa Diyos, lumapit sa pagsisisi, at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan at pagkukulang. ________________________.

Talikuran ang masamang paraan _______________ at isuko ang iyong buhay at ang iyong puso at kahit ang lahat ng iyong mga plano sa Dios. Magtiis sa mga masasakit na pagsubok na iyong pinagdaraanan. Gumagawa ang Diyos ng bagong bagay sa iyong buhay. Gumagawa ang Diyos mula sa iyo ng totoong tao ng Dios, isang taong gagawin ang lahat ng nais Niyang gawin mo at upang makamit ang mismong layunin ng Diyos.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa iyong salita na nagturo sa akin ng mas higit pa sa iyong mga paraan. Panginoon salamat sa iyong pagpapahayag ng iyong kalooban sa akin. Panginoon salamat para sa paglalagay mo sa akin sa iyong simbahan at sa pagsasalang alang mo bilang maging iyong anak. Panginoon salamat para sa mabuting plano na mayroon ka para sa akin.*

*Panginoon ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ________________.*

*Panginoon ako'y nagsisisi mula sa paggawa ng sariling kong kong kalooban ________________.*

*Panginoon ikaw ang aking pagasa na nagbabantay sa aking puso. Panginoon bigyan mo ako ng karunungan upang makilala ka at malaman ang iyong kalooban sa aking buhay sa isang mas mabuting paraan. Panginoon tulungan mo akong malaman ang iyong kapangyarihan at makita ang mga kayamanan ng iyong kaluwalhatian.*

*Panginoon isinusuko ko ang aking buhay sa iyong kamay, at Panginoon manaig nawa ang iyong kalooban sa aking buhay.*

*Panginoon ako'y nananalangin para sa aking mga kapatid na lalake at Babae na nagagalak na makilala ka at gawin ang iyong kalooban. Panginoon buksan mo ang kanilang mga mata at maliwanagan ang kanilang mga isipan sa katotohanan at makita nila ang mga kayamanan ng mana na inihanda mo para sa kanila sa langit. Panginoon panatilihin sila, protektahan sila, at patuloy ibigay ang para sa kanila upang sila'y magpatuloy na maglingkod sa iyo at mabuhay ayon sa iyong kalooban.*

*Panginoon pagpalain mo ang iyong simbahan at gawin mo itong lumago. Panginoon ako'y nananalangin para sa higit na pageevangelio at maraming mga taong maabot para kay Cristo. Panginoon ako’y nananalangin para sa higit na mga pangkat ng pagaaral ng Bibliya na mabuksan. Panginoon sa mga masunurin pahiran mo sila ng iyong Banal na Espiritu at gamitin sila upang abutin ang nawawala at magbigay ng bunga na hangad mong makita sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon tulungan kami at protektahan kami habang kami’y nagtitiis sa paglilingkod sayo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com